
# MULA SA PATNUGUTAN

**ULAT NI ISKA** ang opisyal na babasahin ng Management & Organizational Development for Empowerment o MODE. Lalabas ito dalawang beses sa isang taon. Maaaring maitanong bakit ISKA ang pangalan. Hinango ito mula sa unang mga letra ng **IS**ulong ang **K**aunlaran ng **A**grikultura. Tulad ng mithiin ng MODE, sinasalamin nito ang layunin na makapagsulong ng pamamaraan para sa komprehensibong kaunlaran ng kanayunan at makapag-ambag sa pagtatayo at pagpapaunlad ng kabuhayang lokal na makapagpapawi sa kahirapan, magpapausbong ng pagkakapantay-pantay at maipagpatuloy ang pagunlad.



Tatalakayin dito ang mga usapin kaugnay ng agrikultura at bibigyan ng diin ang mga isyu ng kababihan sa kanayunan.

Sadyang isinaayos ang ULAT NI ISKA para sa sinumang nagnanais na lumahok sa mga usapin sa agrikultura lalo na sa hanay ng kababaihan sa kanayunan. Ayon nga sa isang sabi-sabi, "hindi sumisibol ang kalayaan at kaunlaran sa katahimikan."

Bukas na pahina ang ULAT NI ISKA para sa malayang talakayan. Pagsisikapang hawiin nito ang lambong ng misteryong bumabalot sa bawat usapin sa agrikultura. Hindi lamang pampulitiko at opisyal ng gobyerno ang ODA o Official Development Assistance, dahil ang mamamayan ang nagpapasan ng hirap ng pagbabayad. Bagama't kontrolado ng mayayamang bansa ang World Trade Organization (WTO) na siyang nagtatakda ng kalakalan sa buong mundo, hindi ito nangangahulugan na wala ng karapatang tumutol ang mamamayan. At kung ang karapatan sa tubig ay tulad ng hangin para mabuhay, bakit 67% lamang ng mamamayang Pilipino ang may malinis na tubig? At bakit itinuturing na walang trabaho ang mga kababaihan sa kabila ng di matapos-tapos na gawain sa bahay, sa bukid at sa komunidad? At kung magkatrabaho naman, bakit mas mababa ang kita sa lalaki gayong pareho ang pagod na ibinibigay?

Sa unang pagpapalimbag, nagaanyaya ang ULAT NI ISKA ng mga kuro-kuro, puna, puri at dagdag na kaisipan sa ikauunlad ng ekonomiyang-Pilipino!

## PATAK NG ULAN SA TAG-ARAW


Sa panahon ng tinatawag ng cybernetics at sandata para sa malawakang pagwasak (weapons of mass destruction) na nakapagbibigay-daan sa mga mauunlad na bansa upang dikdikin, bombahin at wasakin ang mga bansang walang ilalaban, may nabubuhay sa ilang sulok ng mundo na higit na pangunahin ang problema – ang pagkakaroon ng malinis na tubig – at kababaihan ang karamihan sa kanila.

Sa kabalintunaan, naninirahan sila sa pulo-pulong napaliligiran ng tubig – tulad ng Pilipinas; isang bansa na pinaghihiwalay ang mga pulo ng karagatan at ilog. Isa sa natatanging pulo ang Samar. Nabibilang ang Samar sa isa sa labing-apat na pinakamahihirap na probinsiya sa bansa. Isang halimbawa ang isa sa mga munisipyo nito: ang Catubig sa Northern Samar. Kasama ang pook na ito sa madilim na talaan ng bilang: 20 milyong Filipino o sang-kapat ng mamamayan ang di naaabutan ng malinis na tubig. Isa lamang ang Catubig sa nagdurusa sa ganitong problema.

Isa itong kuwento na napakasakit na paniwalaan.

Samantalang ang Catarman, Northern Samar kung lalakbayin ay isang oras at dalawampung minuto lamang na lipad ng eroplano mula sa Manila, o nakapapagod na 14 na oras kung sa Bus gagawin ang paglalakbay sa lupa. Eroplano lamang ng Asian Spirit ang lumilipad patungong Catarman tuwing Lunes, Miyerkoles at Biyernes. Maayos ang lipad sa taas na 15,000 ft. hanggang 20,000 kung maganda ang panahon. At napakaganda ng tanawin habang nasa himpapawid. Sa gitna ng bughaw na karagatan ay mamamasdan ang waring luntiang dagat – walang pagitang mga puno ng niyog. Hindi problema ang sasakyan mula sa airport, marami ang kotse at tricycle na makapaghahatid sa mababang halaga.

Upang marating ang mga barangay ng Catubig mula sa Catarman ay mangangahulugan ng sakay sa jeep, sa tricycle o motorcycle at sa bangka. Mangangailangan ito ng humigit-kumulang sa kalahating araw. Mga isang oras sa jeep, depende sa hinto para magsakay o magbababa ng pasahero. Mga 45 minuto naman ang motorcycle. Kulang-kulang sa isang oras ang sakay sa bangka, at



maaaring mas matagal ang paghihintay upang mapuno ng pasahero ang bangka. Sa paghihintay, maaaring maisip na ang buhay ay itinatakda ng mga pagbibiyahe ng bangka. Hindi nakapagtataka ang paminsan-minsang hinto ng bangka dahil maaring maipitan ng mga basurang plastic ang propeller habang naglalakbay. Hindi mauubusan ng paliwanag ang bangkero. Walang plastic nuong araw. Isang bangka lamang ang nakakaraan nuon, pero malinaw ang tubig. Lumawak na ang ilog at maaaring magsalubong ang dalawa o higit pang bangka. Bagama't pinaghalong berde at manilaw-nilaw ang kulay ng tubig na dumadaloy patungong Pacific Ocean, malaking tulong pa rin ito sa mamamayan. Umaasa ang mga tao sa ilog para sa paliligo, paglalaba, paglilinis ng mga pinaglutuan at marami pang gawain na nangangailangan ng tubig. Naglalagay sila ng hagdan sa gilid para madaling makakuha ng tubig. Kapansin-pansin ang pagguho ng lupa sa dalampasigan. Hindi sapat ang mga damo at puno para pigilin ang pagdaus-dos ng lupa, lalo na kapag binabagyo.

Sabi nila, may panahon na kahit inumin ay makukuha rin sa ilog. Dati, nuong hindi pa ito marumi. Sasalain nila ang tubig ng basket, patitinain ng magdamag saka pakukuluan kinabukasan. Hindi pa iyon katagalan, sabi nila.

May mga alaala rin na masakit balikan. Dating mayabong na kagubatan ang Catubig Watershed, maraming hayop at mga halaman. May usa, tsonggo, baboy-ramo, sari-saring ibon at iba pa. Napakadaling nabago ang tanawin dahil sa commercial logging. Nahinto na ang logging pero mahihirapang ibalik sa dating kaayusan. Pinakamahirap sa panahon ng tag-araw dahil natutuyo kahit ang mga bukal.

## DAGDAG NA PAGOD SA KABABAIHAN ANG PAGKUHA NG TUBIG

Ipinakikita ng mga pag-aaral na sa pamilyang naghihikahos, naka-atang sa kababaihan ang tungkulin ng pagkuha ng tubig para sa pagluluto at pang-inom - wari'y minamana rin ang tungkulin ito ng mga anak, lalo na ng babae. Nangyayari rin ito sa Samar. Masasabing "walang trabaho" ang karamihan ng kababaihan (walang trabaho dahil walang sinusweldo), maliban sa panahon ng anihan dahil nakakapag-trabaho sila at nakapagdadagdag sa kita ng pamilya. Manggagawang agrikultura ang karamihan sa kalalakihan na kumikita ng mga P3,000 kada buwan. Kung nagta-trabaho man sa taniman ang kababaihan, gawain pa rin nila ang pagsalok ng tubig. At maraming oras ang ginugugol dito. Mahirap sa panahon ng tag-araw; at higit na mahirap sa tag-ulan. Subalit, nakagawian na ito.

Samantalang sa mga lunsod tulad ng Manila, ang isyu sa tubig ay umiikot sa halaga at sa pribadong pagmamay-ari ng serbisyo sa tubig, ang isyu sa kanayunan – ay kung saan kukuha!

## PATAK NG ULAN SA TAG-ARAW

Isang malaking proyektong pagpapaunlad ang *Help for Catubig Agricultural Advancement Program (HCAAP)* na pinondohan ng *Japan Bank for International Cooperation (JBIC)* sa pamamagitan ng *Department of Environment and Natural Resources (DENR)* sa Tacloban City. Nagsimula ito nuong 1995 o nadinig ng mga tao. Nilalayon na maging sentro ng pagkain sa rehiyon kapag natapos ang proyekto. Hindi na magmumula sa Nueva Ecija o Baguio ang mga kamatis at gulay. Magkakaroon ng sapat na ani ng bigas. Sa bahagi ng munisipyo ng Catubig, tungkulin nila bilang katapat na bahagi ang pagtatayo ng potable water system sa 24 barangay. Subalit walang sapat na pondo ang munisipyo. Ayon sa mga sabi-sabi, hindi maka-angat sa feasibility study ang proyekto. Gayunpaman, hindi nawawala ang pag-asa ng mga taga-Samar.

Nuong taon 2000, sinimulan naman ng MODE ang 3-taong proyekto, *Assistance to Rural Systems in Transition (ARST)* sa tulong ng *Interchurch Organization for Development Cooperation (ICCO)* at NCOS-Belgium. Nilalayon na magiging daan ang proyekto para sa pagpapatalas ng kakayahan ng komunidad sa local, demokratikong pamamahala at pagpapaunlad ng kabuhayan. Dito nabuo ang MODE-SLC sa Samar at sa pakikipagsamahan sa iba't ibang organisasyon – Organisasyon ng Mamamayan, ibang NGO at sa mga ahensiya ng gobyerno. Naniniwala ang MODE na ang buod ng pamamahala ay hindi iisang patunguhan na tumatanggap lamang ng biyaya ng pag-unlad ang mga tao – kundi ang mga tao mismo ang hahawi ng landas sa sarili nilang pag-unlad. Sa pagtutulungan, maraming aktibidad ang sumunod tulad ng skills training, gender sensitivity, leadership seminars at iba pa.

Kung paano nasabing wari'y patak ng ulan sa tag-araw ang paglahok ng mga NGO ay sa pagtatayo ng potable water system sa 3 barangay, San Antonio, Bonifacio at Magtuad. Katulong rin dito ang HELVETAS, isang Swiss funding agency, na nagbigay ng 80% na puhunan, 20% sa pamahalaang local, sa pagod ng mga tao at sa pagpapadaloy at pangangasiwa ng MODE upang matiyak ang proyekto. Buhay na buhay and diwa ng bayanihan

sa paggagawa ng reservoir, paghuhukay at pagkakabit ng mga tubo hanggang sa mga kalye sa barangay. *Governance in action*, sabi ng marami. Para sa pangangasiwa, nagkasundo ang mga tao na magbabayad ang bawat pamilya ng P10.00 kada buwan para sa pagsasaayos kung may masira. Higit kaninuman, malaki ang pasasalamat ng mga kababaihan dahil magkakaroon sila ng panahon para humanap ng ikabubuhay.

----------o---------

## Isang sulyap sa ating tubig

Maraming babasahin ang nailabas ng mga nakaraang taon, mula sa mga gobyerno, mga tagapaglano sa tubig at pandaigdigang ahensiya na nagbibigay ng babala na tubig ang magiging mainit na tunggalian sa siglo 21.



Sa ilang tuyot na bahagi ng mundo, sinasabing magkakahalaga ang tubig bawat *barrel* tulad ng langis. May mga palatandaan na nasa panganib ang pangdaigdigang *supply* ng tubig, tulad ng sumusunod:

- Bumulusok ang antas ng *Dead Sea* ng higit pa sa 10 metro nitong siglo-20;
- Mga 250 milyong tao ang nanahanan sa mundo nitong nakaraang 2,000 taon. Sa taon 2020, mga 400 milyon ang mananahanan sa baybaying ng North Africa at Middle East lamang. Lumiliit ang *supply* ng tubig habang ginagamit ang *fossil aquifers;*
- Nagkaroon ng apat na taong tag-tuyot ang malaking bahagi ng Africa nuong kalagitnaan ng 1980s. Marami ang namatay dahil walang ani sa kawalan ng tubig;
- Lumalawak ang *Sahara Dessert;*
- Ang *Lake Chad* – na dati rati'y isa sa pinagmumulan ng tubig sa *Nile* ay lumiliit sa antas na halos 100 metro bawat taon.
- Sa milyong ektarya ng Northern China, lumiliit ang *water table* sa antas na 1 metro kada taon;
- Sa Punjab at sa Bangladesh, na halos binabaha taon-taon, mas mabilis pa sa China ang pagbaba ng *water table*; at
- Patuloy na bumababa ang antas ng tubig sa dati-rating busilak na *Lake Baikal*, ang pinakamalalim na tubig-tabang sa buong daigdig.

Kritikal ang kalagayan at nangangailangan ng kagyat na pagkilos. Ang tubig ay hindi isang kayamanan na di mauubos. Hindi dahil nababalutan ng higit sa 2/3 ang ibabaw ng mundo ay maaaring ng maging pabaya. Kabaligtaran sa karaniwang pagtingin na laging nariyan ang tubig kung kailangan. Para bang binigyan ng lalagyan ang bawat bansa sa mundo at ang *supply* o dating ng tubig ay laging sapat sa inukol sa lalagyan.

Mahalaga ang tubig sa lahat ng buhay sa mundo. Meron nito ang lahat ng organismo; sa tubig mismo nabubuhay ang iba; inumin naman para sa iba. Nangangailangan ng malinis-linis na tubig ang mga hayop at halaman, samantalang maaaring magkasakit ang tao kung hindi malinis ang tubig. Sang-lima (1/5) ng mamamayan sa mundo ang hindi naaabutan ang ligtas na tubig-maiinom at kalahati ng lahat ng mamamayan ay may di mabuting sanitasyon sa tubig.

## *Ang karapatan sa tubig*

Inilabas ng *United Nations Committee on Economic, Social and Cultural Rights* ang Pangkalahatang Komentaryo (*General Comment)* 15 na pinamagatang, "Ang Karapatan sa Tubig". Ayon sa Komite, sinasakop ng karapatan sa tubig ang sumusunod:

- Nararapat na sapat at patuloy ang tubig para sa pansarili at pambahay na gamit;
- Nararapat na ligtas ang tubig;
- Nararapat na malapit sa lahat ang pasilidad/serbisyo ng tubig

Binalangkas din sa Pangkalahatang Komentaryo 15 ang katungkulan ng mga partido ng estado kaugnay ng karapatan sa tubig:

- Nararapat na walang kinikilingan ng Estado;
- Hindi dapat na nakikialam ang Estado, tuwiran o hindi man tuwiran, sa pagtatamasa ng karapatan sa tubig;
- Nararapat na hadlangan ng Estado ang sinuman, pati na ang mga korporasyon, na makikialam sa karapatan sa tubig;
- Kung ang serbisyo sa tubig ay nanggagaling sa pribado o sa iba, nararapat na hadlangan ng Estado kapag ikino-kompromiso ang pantay, makakayanang halaga at makukuha sa sapat, ligtas at katanggap-tanggap na tubig.

**Sa bawat walong Segundo may namamatay mula sa sakit na dulot ng di-ligtas na maiinom na tubig (World Health Organization)**

Sa Pilipinas, lima ang pangunahing pinagmumulan ng tubig: ulan, ilog, lawa, bukal at tubig sa ilalim ng lupa. May 323 cu. km. *supply* na tubig-tabang na binabago bawat taon, pangatlo sa may pinakamarami tubig sa *Southeast Asia* pagkatapos ng Indonesia at Malaysia, subalit may mga natatanggap ng ulat na nagkakaroon ng alitan sa ilang pook dahil sa karapatan sa tubig, sa hangganan, sa gamit at pagbabahaginan. Dagdag pa, hinaharap sa Pilipinas ang kahalintulad na hamon at layunin, kasama ang sumusunod:


- Hindi nakapagtataka na sa ating bansa, karaniwang tanawin ang pila ng tao sa pagkuha ng tubig mula sa poso, o kaya'y kumukuha ng di-ligtas na tubig mula sa nasirang tubo ng tubig at balon na maaaring humantong sa pagkakasakit;
- Sa ilang barangay sa bansa, malayo ang nilalakad ng kababaihan at batang babae para sumalok ng tubig na gagamitin sa paglalaba at paglilinis lamang at hindi pa para inumin. Napakahirap nito lalo na kung masama ang panahon.
- Sa ilang pook sa Antipolo at sa ibang bayan sa Metro Manila, may mga kabahayan na walang maiinom na tubig kaya kinakailangan pa nilang bumili mula sa mga trak na nagbebenta ng tubig sa mataas na halaga.
- Sa buong bansa ayon sa National Economic Development Authority (NEDA), tinatayang 67% lamang ng kabuoang mamamayan ang naabutan ng malinis na tubig.
- 37% ng Filipino ang umaasa sa tubig-ulan o sa balon, ilog at lawa. Nagbubunga ito sa maraming pagkakasakit na nakukuha sa maruming tubig;
- Nuong hunyo 1997, nakuha ang kontrol sa pamamahagi ng tubig ng Manila Water Company na sama-samang pag-aari ng grupong Ayala at British United Utilities Ltd., kasama rin ang Maynila Water Services sa pag-aari ng Benpres Holding Corporation ng pamilya ng Lopez at ng French Lyonnais Des Eaux.
- Binigyang karapatan ng gobyerno ang mga ito sa pagtataas ng presyo na tuwirang tinatamaan ang mga mahihirap na mamamayan;
- Sa kabila ng tumataas na presyo, 60% lamang ang inaabot ng koneksyon ng tubo ng tubig samantalang 9% lamang ang nasisilbihan ng *sewerage system*.
- Pinaniniwalaang bumababa ang antas ng tubig dahil sa di-maawat na *logging*, bigong pangangalaga (*conservation)* at di-pagtatanim ng puno sa kagubatan. Sa buong bansa, mahigit sa limang (5) ektarya na lamang ang natitirang gubat. Ang *virgin forest* ay 700,000 ektarya na lamang. Ang antas ng *deforestration*, na umaabot sa 1,500 ektarya bawat araw ay hindi nababantayan at napakabagal naman kung may ginagawang mang muling paggugubat.
- Hindi angkop ang tubig pangkomunidad sa kakayanan ng pamayanan na pangasiwaan at may katanungan kung angkop ba ang teknolohiya sa kalagayan ng mga komunidad.
- Hindi pa napapalaganap, umuunlad o naitatatag ang papel ng mga gumagamit ng tubig sa paghuhugis ng uri ng serbisyo; kung di man pribado ay kooperatiba ang balangkas ng serbisyo sa tubig sa mga komunidad.
- Isang katanungan rin sa tuloy-tuloy o *sustainability* ang pagkilala at pagpapahalaga sa kaibhan ng papel sa kasarian *(gender roles)* ukol sa pangangasiwa ng yaman at serbisyo

## MODE AT KAMPANYA NITO PARA SA KABABAIHAN AT TUBIG

Katiyakan sa pagkain at pantay na kalakalan ang pinakabalangkas ng Yunit sa Pananaliksik at Adbokasya ng MODE, kasama rito ang karapatan sa pagkain at sa tubig.

Sinimulan ng MODE ang kampanya sa karapatan sa malinis at sapat na tubig sa pamamagitan ng pagtulong sa pagtatayo ng sistema ng (potable) tubig sa tatlong barangay sa Catubig, Northern Samar. Nag-organisa ng isang *fund raising* at kampanya upang mapagaan at mapaigsi ang nilalakad ng kababaihan sa pagsalok ng tubig. Mahigit sa 20 pintor ang lumahok sa *art exhibit* na may paksang, "Kababaihan at Tubig." Patuloy ang *art exhibit* sa GALERIA ISKA upang makatulong sa pagtatayo ng *water pump system* sa ilan pang barangay na pangangasiwaan ng mga kababaihan sa komunidad.

Sinisikap ng MODE bilang nangungunang organisasyon na bigyang-daan ang pangkasariang-pananaw *(gender perspective)* para sa kampanya ng karapatan sa tubig. Nakikipag-ayos ang MODE sa iba't ibang *net-works* tulad ng *Philippine NGO Liaison Committee on Food Security and Fair Trade (PNLC);* sa *Rural Women Congress* na pinangunahan ng MODE ang pagbubuo ng *National Rural Women Water Cluster*; sa *Freedom from Debt Coalition (FDC; Philippine Legislative Advocacy Network (PLAN); Philippine Center for Water and Sanitation (PCWS)* at sa *Clean Water Coalition* para sa serye ng talakayan, konsultasyon, paglalahad ng mga pag-aaral at sa muling-pag-aaral hinggil sa di-magastos na teknolohiya bilang tulong sa kampanya ng malinis na tubig. Lumahok din ang MODE sa gawaing-*lobby* upang maipasa ang batas sa Malinis na Tubig (*Clean Water Act)*.



## Pananaw mula sa National Rural Women Network – Water Cluster

Hindi matatawaran ang papel ng kababaihan sa pagtitiyak ng pagkain para sa pamilya, kasama rin dito ang hindi maikakailang ambag ng kababaihan sa pagkain para sa buong mamamayan. Gayunpaman, kababaihan ang 70% ng mahihirap sa bansa.

Sa iba't ibang pamamaraan na nararanasan ng kababihan sa kanayunan ang tindi ng kahirapan. Maliit ang kontrol ng kababaihan sa *productive and reproductive resources*. Payak na halimbawa nito ang pagkakaroon ng malinis na tubig.

Nakaugalian na, lalo na sa kanayunan, na tungkulin ng babae ang pagkakaroon ng tubig para sa bahay. Upang masagutanang pangangailangan ng isang pamilya sa tubig – inumin, panluto, panlaba at paliligo, karaniwang magpapabalik-balik ang mga babae sa pinagkukunan ng tubig.

Labas pa sa di-pagkilala sa kababihan bilang di binabayarang manggagawa sa tahanan, karaniwang hindi rin binabayaran ang kababaihan sa kanayunan sa paggawa sa bukid. Sa gayon, marami sa kababaihan ang napipilitang maghanapbuhay sa paraang maisasama ang gawain sa bahay at pamilya. Subalit nananatiling isang malaking problema ang pagkakaroon ng tubig.

Sa isang pangkat-talakayan ng *Teduray Lambangin Women's Organization (a tribal women's group)* sa Maguindanao, sinasabi ng mga kababaihan na hindi nila kayang pag-usapan ng mahaba ang tungkol sa kalagayan ng kanilang buhay dahil halos wala silang panahon para sa sarili. Ginugugol nila ang kanilang panahon sa gawaing bahay, pag-aalaga ng anak, pagtatrabaho sa bukid at sa pagsasalok ng tubig. Pakiramdam nila'y wala silang lakas dahil sa kahirapan at sa pagiging magsasaka at maybahay. Natatakot sila na utusan ang kanilang mga anak na sumalok ng tubig subalit wala silang magagawa. Alam nila na may mga nalunod nang mga batang 4 hanggang 12 taong gulang mula sa pagkuha ng tubig sa ilog. At ang lubha pa nilang kinatatakotan ay nalalagay sa panganib ang kanilang tribo dahil hindi ligtas ang naiinom nilang tubig.

Sa ginanap na *Rural Women Congress* nuong ila 14-15 Oktubre 2003, sinabi ng mga kababaihan sa kanayunan ang kanilang mithiin na patindihin ang kampanya sa pagkilala at paggalang sa kanilang karapatan at paniniwala. Inilahad ng mga dumalo ang kanilang isyu sa tubig:

- Kulang o walang pasilidad sa ligtas na tubig-inumin;
- *Privatization* (pagpi-pribado)
- *Pagkawasak sa yamang-lupa at tubig*
- *Pagsasamantala sa kababaihan dulot ng di-binabayarang serbisyo sa komunidad tulad ng pag-iimbak, pangangasiwa at pangangalaga sa tubig.*
- *Karaniwang dumadaing ng sakit sa likod at kalamnan ang mga kababaihan* dahil sa bigat ng pagnaglalagyan ng tubig;

Sa konsultasyong pangrehiyon na ipinadaloy ng MODE sa huling bahagi ng 2003 at ng *National Rural Women Water Cluster* nuong 29-30 Enero 2004, kinilala ang mga sumusunod bilang isyu ng kababaihan at tubig:

- *Nakaatang sa kababaihan at batang babae ang pag-iigib ng tubig bilang gawaing bahay.* Sa Catubig, Northern Samar, kulang-kulang isang oras ang nilalakad para makakuha ng tubig at maaaring abuting ng tatlong oras kung tag-ulan;
- *Ang pag-iigib ng tubig ay dagdag na pagod sa mga nanay (at sa anak na babae)bukod pa sa pag-aalaga ng bata, pagpapakain ng hayop, paglalaba, pagluluto at iba pang gawaing-bahay kasama na ang ilang gawain sa bukid;*
- *Sinasabi ng mga kananayan ang bigat sa damdamin at pananalapi kapag nagkakasakit ang ka-pamilya (karaniwan ay anak) ng* diarrhea, sakit ng tiyan, lagnat at sakit sa balat dala ng maruming tubig;
- *Kadalasan ay hindi kanais-nais sa kababaihan ang ginagamit na teknolohiya sa mga komunidad;*

- *Ang maruming tubig ay magastos para sa kalusugan ng mga nagpapasusong nanay, sa mga sanggol at kabataan* dahil pinagmumulan ito ng iba't ibang karamdaman;
- *Kapag nagpaplano para sa sistema ng tubig, karaniwang hindi tinatalakay o isinasa-alangalang ang ilang kaugalian at pagpapahalaga sa tubig ng kababaihan.*

### Bakit kailangan ng pangkasariang-pamamaraan(gender approach) sa mga proyekto ng tubig?

Ipinapakita sa mga pagtatasa ng mga pag-aaral na may sanga-sangang bisa ang pagbibigay-pansin sa kasarian (gender):

- Nababawasan ang panahong iginugugol sa pag-iigib ng tubig, sa gayon mas malaking panahon ang naibibigay sa paghahanapbuhay;
- Binibigyan ng mas malaking panahon ang kababaihan para sa ibang gawain (sa ikabubuhay) sa pangangilangan ng pamilya o para sa sarili;
- Nabibigyan ng panahon ang mga bata na makapag-aral dahil hindi na nila kailangan umigib sa malayo or dalhin ang alagang hayop sa lugar na may tubig;
- Nababawasan ang panganib sa pagkakasakit at gastos sa kalusugan; at
- Nabibigyang-kapangyarihan ang mga kababaihan (halimbawa sa proyektong nakaugnay sa produktibong gawain)

----------o---------

## MISTERYO NG ODA

Isang uri ng *aid* o tulong ang *Official Development Assistance* (ODA) sa mga mahihirap na bansa sa Asya, Africa, at Latin Amerika. Isa ang Pilipinas sa mga bansang nakakatanggap ng ganitong uri ng tulong. May kasabihan sa Ingles na, *"It is better to give than to receive"* – pero sa kaso ng ODA dito sa Pilipinas, parang hindi angkop ang ganitong kasabihan. Kung babasahin natin ang mga pag-aaral sa kaso ng ODA dito sa Pilipinas, makikita na maraming lumilitaw na kahinaan o malalaking balakid kung bakit hindi mabisa ang ODA. Ilan na dito ang isyu ng mga kaakibat na kondisyon ng mga nagbibigay na bansa (donor communities), ang hindi parehas na relasyon, at antas ng kapangyarihan ng negosasyon sa pagitan ng Pilipinas at sa nagbibigay na bansa o institusyon. Sa halip na makatulong upang lutasin ang suliranin ng pagpapaunlad ng bansa ay lalo pang nakapagdadagdag sa pagpapahirap.

And karaniwang pag-unawa ng karamihan, mas maganda ang ODA kaysa sa karaniwang pangungutang sa mga komersyal na creditor. Akala pa ng iba, mas mabuti ang ODA dahil hindi ito kailangang bayaran dahil malaking bahagi nito ay *grant* o bigay sa ating bansa. Mali. Ayon sa datos, halos mahigit sa 80% ng ating ODA ay utang – kailangang bayaran. Pumapaloob sa ODA ang ganitong klase ng utang dahil mas mahaba ang panahon na ibinibigay para mabayaran (halimbawa, 30 taon) at mas mababa ang interest na ipinapatong (halimbawa, 2-3%). Kung ikukumpara nga naman sa karaniwang utang na panlabas o *foreign debt*, ay mas mabuting umutang ang pamahalaan natin sa

pamamamamagitan ng ODA. Galing sa Japan ang mahigit na 60% ng utang natin, pangalawa dito ay *Asian Development Bank* (binubuo ng maraming kasapiang bansa na pinapangunahan ng Japan) na may bahaging halos 20%. Ang pumapangatlo na may malaking bahagi ng ODA sa Pilipinas ay ang maraming kasapiang institusyon na pinapangunahan naman ng US – ang *World Bank.*

***ODA Bilang Bahagi ng Pagkakautang ng ating Gobyerno***

Ayon sa iniulat ng kalihim ng *Department of Finance* (DOF) na si Juanita Amatong nuong Pebrero 2004 (sa isang *lecture series* na pinangunahan ng Universidad ng Pilipinas), halos 50% ng utang ng bansa ay galing sa labas o *foreign debt*. Sa utang panlabas, 46% ang nasa klasipikasyon ng ODA. Sa kabuoan, mahigit US$56 bilyon na ang *foreign debt* ng bansa. Ayon sa kalihim ng *Department of Budget and Management* (DBM) na si Emilia Bancodin (noon Pebrero 2004 din), kailangan daw na magtipid ang ating gobyerno at kailangang magkaroon ng *mandatory savings* ang pamahalaan.

Subukan nating tingan ang kabuoang kalagayan. Ayon sa isinulat ni Cielito Habito (dating *Director General, National Economic Development Authority* – sa panahon ni Ramos) sa kanyang *column* sa Philippine Daily Inquirer (Marso 8, 2004), sa taong 2004, P542 bilyon - ang kailangang bayaran ng ating bansa sa lahat ng pagkakautang - umaabot ito sa halos 81% ng kinikita ng ating bansa *(Gross Domestic Product)*. Sabi pa rin ni Habito, kung ihahalintulad ito sa isang tahanan – kung kumikita ang isang pamilya ng limang piso isang taon, mahigit sa apat na piso agad ang mapupunta sa pagbabayad ng utang. Kung dudugtungan pa ang maghahalintulad na ito, sa pisong matitira sa isang pamilya – duon manggagaling ang mga pangunahing pangangailangan upang mabuhay. Ganito ang kalagayan ng ating bansa. Balikan natin ang sinabi ng mga nabanggit na sangay ng pamahalaan, ang DBM at DOF, kailangan daw magtipid at pilitin pang makaipon – sa pisong natitira? Ano ang implikasyon nito? Maraming pangunahing serbisyo tulad ng pangkalusugan at iba pang pangunahing pangangailangan ang higit na mababawasan ng pondo.

***Bakit Nakapagdududa ang ODA?***

Matagal na tayong binabagabag ng mga sinasabing *corruption* ng ating opisyal sa paggamit ng ODA. Mahirap makalimutan ang anomalya ng *Bataan Nuclear Power Plant* na hanggang ngayon ay binabayaran pa nating ang utang na halos US$350,000 araw-araw – galing ito sa ODA at isa sa mga sinasabing pinakamalaking pangungurakot ng rehimeng Marcos. Dahil sa pagluluklok sa pamahalaang Aquino ng tinatawag ng *people power* biglang sumulpot ang maraming nag-aalok ng ODA mula sa maraming bansa at institusyon para daw makaahon ang ating bansa. Ito rin ang naging kalakaran ng panahon ng mga kasunod na presidente. Nagkaroon lamang ng kaunting pagbaba sa panahon ng transisyon mula sa administrasyon ni Estrada hanggang sa panahon ni Macapagal-Arroyo. Marami pa rin naman ang nag-aalok at masayang

tinatanggap ito ng ating gobyerno. Ang problema – maliit ang ating kapasidad sa paggamit o pagtanggap ng ODA. Ganito ang sitwasyon: para magamit ang ODA, kailangang magkaroon ng katapat na pondo *(counterpart fund)*bilang kontribusyon ang ahensiya o institusyon na gagamit nito (halimbawa DAR, DA o Dep Ed) para sa proyekto. Masalimuot ang proseso kung bakit masyadong maraming naililinyang (*pipelined)* proyekto na popondohan ng ODA. Isa na rito ang kagustuhan ng mga pulitiko na magpagawa ng proyekto na popondohan ng ODA para mapabango ang pangalan nila. Marami ang nakalinya pero hindi mabigyan ng alokasyon para sa *counterpart fund* kaya maraming nabibinbin na proyekto.

| Year | Disbursements | | Repayments | Commitment Fees Paid | Net Resource Transfer |
|---|---|---|---|---|---|
| | Project | Program | | | |
| 1999 | 127.5 | 0 | 385.3 | 5.1 | -262.9 |
| 2000 | 158.1 | 70 | 385.7 | 6.1 | -163.7 |
| 2001 | 146.8 | 175 | 377.5 | 8.4 | -64.1 |
| 2002 | 130 | 100 | 401.8 | 8.6 | -180.4 |
| 2003 | 67.3 | 75 | 292.6 | 6.5 | -156.8 |
| **TOTAL** | **629.7** | **420** | **1842.9** | **34.726** | **-827.9** |

Source: NEDA-Public Investment Staff (NEDA-PIS)

Note: Figures for 2003 is as of 30 September 2003
Repayments include interest and other charges
Commitment fees include front-end fees

Nakabinbin ang proyekto pero umaandar ang "metro" ng utang. Dito pumapasok ang di-kaangkupan ng *"it is better to give than to receive"* sa kaso ng ODA. Nagsisimula ng kumita ang mga nagpautang kahit nakabinbin pa ang proyekto na popondohan ng ODA dahil kasama sa kondisyon ang pagbabayad ng multa sa hindi paggalaw ng pondo. Walang talo ang nagpapautang kung ito ay negosyo. Sa kaso ng Japan, nakakaya pa nilang ipasok ang mga kondisyon na – dapat sa kanila bibili ng materyales at gagamitin ang serbisyo ng mga Hapon. Malaking lugi ito sa kaso ng Pilipinas dahil mahigit sa 50% ng ating ODA ay pagpapagawa ng *infrastructure* tulad ng kalsada, irigasyon at tulay. Makatarungan ba na uutang tayo sa Japan para bilhin ang kanilang makinarya at pasuwelduhin ang kanilang mga inhenyero at iba pang serbisyo? Dagdag pang alalahanin ay kung nagagawa nga ba ang mga kalsada, irigasyon at tulay? At kung nagagawa man, hindi kaya depektibo ang gawa. Sa nangyayari, mas maganda sa panig ng nagpapautang dahil sigurado ang kita nila.

Hindi ba nakakabahala ang sitwasyon na simula nuong 1999, maliban sa 2001, ay mas malaki pa ang kabuoang nawala sa atin dahil sa patong-patong na *charges* (interest at iba pang mga multa na pumapasok sa repayment)? Ang sabi sa Republic Act 8182 (1996), ang *rationale* o dahilan para sa paggamit ng ODA ay: "*to finance sustainable social, economic welfare development of the Philippines."* Sa nakikita nating datos ngayon, mukhang may malaki at kagyat na pangangailangang suriin at himay-himayin – hulihin natin kung saan ba ang problema, may mali ba sa mga patakaran, maiiwasan ba ang *corruption*, mababawasan ba ang mga kondisyon ng mga nagpapautang, may *political will* ba ang ating mga lider para ayusin ang suliraning ito?

Tingnan nating ang mga pagbabago (*amendments)* ng polisiya, RA 8555 (1998) – nakalatag naman sa polisiya na dapat ay serbisyo ng Pilipino ang pipiliin, dapat materyales sa Pilipinas ang gagamitin, pero may bahaging nakakabahala sa polisya na,

*"..the President of the Philippines may, when necessary, agree to waive or modify the application of any provision of law granting preferences in connection with, or imposing restrictions on, the procurement of goods or services…"*

***Ano Ang Magagawa?***

Una, kailangan nating pag-aralan at bantayan ang ODA. Sa papel, malaki ang maibibigay na tulong ng ODA. Sa tutoo, mukhang kailangang pag-isipang mabuti, pag-aralan ang mga naging karanasan at pagtulungang isipin kung tama ba ang ating tunguhin sa paggamit ng ODA bilang pamamaraan ng pagpapaunlad ng ating bansa. Madaling sabihin na simplihan na lamang o magbigay ng payo subalit mas mabisa kung tatanggapin natin na masalimuot ang usapin, lalo na sa kalagayan ng ating bansa na patuloy bumababa ang kita at patuloy na lumalaganap ang kahirapan. Sa kabila ng kahinaan ng ODA, may dulot pa rin itong kabutihan sa pag-papaunlad. Kailangan lamang na sinupin at pag-aralang mabuti.

Bilang isang karaniwang mamamayan, sa susunod na makakita tayo ng ipinagagawang kalsada, tulay o ospital – isipin natin na maaring ang pondo nito ay galing sa ODA. Alamin natin. Tingnan natin kung tama ba ang pagsasagawa ng mga proyekto, napupunta ba sa dapat puntahan ang pondo. Karapatan yan ng bawat mamamayan. Tandaan natin na mahabang panahon ang bibilangin sa pagbabayad nito at apektado ang lahat ng mamamayang Pilipino.

Maraming usapin ang kaakibat ng ODA. Kailangang pagtulungan ito ng lahat ng sektor (gobyerno, pribado, NGO, samahang bayan o lahat ng mamamayan) – unawain at alamin ang mga nangyayari at pagtulungang harapin ang sitwasyon.

Sa kasalukuyan, may isang grupo ng mga NGO ang nagtutulungan upan tingnan ang mga usapin ng ODA sa hanay or sektor ng *Agrarian Reform and Rural Development (ARRD)* – ito ang *ODA Watch*. Binubuo ang *ODA Watch* ng lokal na NGO gaya ng MODE, PPI, PhilNet, KFI, AFRIM at internasyonal ng NGO, ang 11.11.11. Gumagawa ng pag-aaral ang grupo upang mapalalim ang pag-unawa sa usapin ng ODA. Tinitingnan ng grupo ang mga posibleng pagsimulan para harapin ang suliranin; isa na rito ang pag-aaral sa mga polisiya at sa pagsasakatuparan ng mga proyektong may pondo mula sa ODA.

Tunay na malalim at masalimuot ang usapin subalit maaaring himayin sa maliliit na bahagi. Pag-aralan natin, maging mapagmatyag at ihayag ang mga naiisip. Mas maraming tumitingin, mas marami ang kikilos para mawala ang misteryong bumabalot sa ODA.

----------o---------

## Usapin sa Repormang Agraryo

Hinango ang sistemang agraryo ng Pilipinas sa *feudal* at kolonyal na kultura ng Kastila at kapitalistang kultura ng Amerikano na kapwa nagtataguyod ng mataas na pagtingin sa pag-aari ng lupain. Nagbunga ito ng malawakang pagpapahirap at maigting na kabalisahang agraryo na minana ng Republika. Upang mapanatili ang matatag na ekonomiya at katayuang panglipunan sa kanayunan, maraming pambansang administrasyon ang naglunsad ng programang reporma sa lupa upang mabigyan ng solusyon ang kabalisahang agraryo. Naging pambansang patakaran ang mga proklamasyong *"land for the land-less*" ni Pangulong Magsaysay at "*land for the tillers*" ni Pangulong Marcos na gumabay sa iba pang mga pangulo hanggang sa maging isang lubos na prinsipyong konstitusyunal ng administrasyong-Aquino sa tawag na *"social justice*" o katarungang panlipunan. At siyang naging batayan ng "*Comprehensive Agrarian Reform Law*" (CARL – RA 6657).




Nagbigay ng pag-asa ang nasabing batas sa naghihirap na mga magsasaka at ito na rin ang kanilang naging panlaban sa *feudal* na kalagayang agraryo. Datapuwa't sa kasalukuyan, pinangangambahang mawalan ng kabuluhan dahil sa banta ng mga panukalang batas na HB 5511 at SB 2553.

### *Mga isyu sa polisiya*

Nagdulot ng tensyon ang mga sumusunod na panukalang batas sa usaping agraryo ng Pilipinas at malawakang pag-aaklas sa hanay ng mga magsasaka. Sa kasalukuyan nananatili pa rin ang banta sa repormang agraryo.

#### *Panukalang batas ng Kongresso (HB 5511)*

Nakapaloob sa panukalang batas na ito na maging katanggap-tanggap na kolateral ang lupang agrikultural mula sa mga pribadong nagpapa-utang, bangko at iba pang institusyon sa pananalapi, nagtatatakda rin dito ng mekanismo. Partikular dito ang layunin na bigyang paraan para makautang ang may tinatayang 1.5 milyong benepisyaryo ng CARP na sumasaklaw sa tatlong milyong ektarya ng lupain.

***Panukalang batas ng Senado (SB 2553)***

Tumutukoy ang panukalang batas na ito sa paggamit ng agrikultural na lupain bilang kolateral sa pag-utang. Bukod pa rito, pinapawalang bisa ang limitasyon sa lawak ng pagmamay-ari ng lupain, at hindi na muling mapapasa-ilalim sa CARP.

***Mahalagang punto laban sa mga panukalang ito.***


Maganda ang mga panukala sa unang tingin, subalit kung ating susuriing mabuti ang bawat bahagi ng mga naturang batas, makikita rito ang labis na pagpabor sa kapitalistang sistema ng ating lipunan. Kulang naman sa pagpapahalaga sa lupain bilang pangunahing pinagkukunan ng pagkain o para na rin sa usapin ng katiyakan sa pagkain. Mahalaga ring pag-aralan kung bakit kailangang alisin ang limitasyon sa lawak ng pagmamay-ari at paglilipat ng karapatan sa mga lupang ipinagkaloob ng CARP (Sec. 2 & 3, SB 2553). Bakit hindi na lamang natin pagtibayin ang mga institusyong tuwirang naglalaan ng tulong pinansyal sa mga proyektong pang agrikultura. Halimbawa nito ang mga sumusunod:

***Agri-Agra Law (PD 717)***

Itinatalaga nito sa mga pribadong bangko na ipautang ang 25% ng kanilang *loanable amount* (halagang kayang ipautang) para sa agrikultura (15%) at repormang agraryo (10%) na hindi malalagay sa panganib ang lupang sakahan. Marahil kung hindi ito sinusugan ng "*alternative compliance*" tulad ng pagbili ng *government bonds* at *investment in housing projects*, tiyak na makakatugon din ito sa pautang pamproduksyon sa mga magsasaka.

***Quedan and rural credit corporation (QUEDANCOR)***

Itinalaga ito para magpautang sa maliliit na mamumuhunan, magsasaka, mangingisda at iba pang programang pangkaunlaran. Kamakailan lamang nagkaroon ng dagdag na linya ng pautang ang QUEDANCOR



hanggang 4.8 billion para sa agrikultural na programa at mga benipisaryo ng reporma sa lupa. Ang *Equitable-PCI Bank, United Coconut Planters Bank (UCPB), Philippine Veterans Bank (PVB) at Land Bank of the Philippines (LBP*) ang mga bankong sumunod sa PD 717 (Agri-Agra Law) para bigyang ekstensyon ang linya ng utang ng QUEDANCOR. (Gaylican, Critine A., Feb. 16, 2004, PDI).

### *Grameen Bank Replication Program*

Nasa-ilalim ng Department of Agriculture, Agricultural Credit Policy Council ang programang ito.

Tuwirang tumutulong ito sa magsasaka/mangingisda sa kanayunan. Tumutulong ito sa mahigit na 30% ng maralita sa kanayunan at nagpapautang ng walang anumang kolateral.

Tinatayang 13,000 tao mula sa kanayunan (97% Kababaihan) at umaaabot sa 31.4 milyong piso ang naibabahagi ng programang ito ng taong 1995. (Women and Men in the Philippines: Statistical Handbook 2003, NSCB)

### *Land Bank of the Philippines (LBP)*

Matagal ng nagpapautang ang LBP ng walang kolateral sa lahat ng kwalipikadong magsasakang kasapi ng kooperatiba at nakaseguro pa ito sa Philippine Crop Insurance Corporation (PCIC) upang matiyak ang pagbabayad sa utang kung sakaling mapinsala ng kalamidad ang pananim o produktong-agrikultural ng magsasakang nangungutang.

Kung isasaalang-alang ang mga programang pang gobyerno para sa kaunlaran ng agrikultura, ang mga nabanggit ang siyang mas dapat na pag-tibayin at bigyang-pansin. Hindi na marahil naayon na magkaroon pa ng iba pang panukala para gawing kolateral ang mga lupain para lamang makautang ang isang magsasaka.



Malayo na rin ang nararating ng repormang agraryo, marami na rin ang natugunan ang pangangailangang agrikultural, marahil kailangan na lang nating usisain ang mga ahensya ng pamahalaan tulad ng DPWH, NIA at DA kung nasaan na ang suporta sa mga lupaing ipinamahagi ng DAR. Kung magkakaroon lamang ng wastong pagsasakatuparan ang mga itinakda ng batas sa mga kinauukulang ahensya ng pamahalaan upang matugunan ang pangangailangan ng mga magsasaka, hindi kaya magbunga ito ng lubos na paglaya sa kahirapan sa kanayunan?

Hindi lubos na nauunawaan ng ilang mambabatas ang tunay na halaga ng mga lupaing pansakahan. Marahil hindi pa rin nalalaman ng ilan ang nilagdaang kasunduan ng Pilipinas sa *United Nation*, ang *International Covenant on Economic, Social and Cultural Rights* na kinapapalooban ng karapatan sa pagkain (ICESCR, Art. 11). Ang pangangalaga sa mga lupang sakahan ay pangangalaga na rin sa kasiguruhan sa pagkain.

----------o---------





***June 10 Movement, Celebration of CARP Anniversary, June 10, 2004***

## Negosasyon sa Agrikultura Pagkatapos ng Cancun: US at EU, Patuloy na Binibira ang mga Umuunlad na Bansa

Bumagsak ang negosasyon sa kalakalan sa ika-5 pagpupulong ng World Trade Organization (WTO) sa Cancun, Mexico noong Setyembre 2003. Dahilan? Ayaw tanggapin ng G-70, koalisyon ng African Union at mga bansa sa Africa, Caribbean at Pacific na isama sa negosasyon ang tinatawag nilang "Singapore issues" (competition policy, trade facilitation, investments and government procurement-*patakaran sa kumpetisyon, pagpapadaloy ng kalakalan, pamumuhunan at pamimili ng mga pamahalaan*). Sa panig naman ng G-20, ang koalisyon ng mga umuunlad at di-maunlad na bansa tulad ng China, Brazil, India, Thailand at Pilipinas, hindi na rin nila matanggap ang di-pantay na kalakalan sa agrikultura dahil sa patuloy na pagbibigay ng malaking subsidyo sa agrikultura ng mga maunlad na bansa Estados Unidos at Europa sa kanilang magsasaka. Lubhang nakaapekto ang malaking subsidyo sa pagdaigdigang kalakalan ng mga produkto, lalung-lalo na ang mga produktong agrikultural tulad ng mais, bigas, langis ng niyog at iba pa. Dahil sa subsidyo, lubhang mababa ang presyo ng mga produktong ito sa pandaigdigang kalakalan at itinatambak (dumping) naman ng US at EU ng mga produktong ito (o katulad nito) sa napakababang halaga.

Isang halimbawa ang kaso ng mais. Mga 25% ng lupang agrikultural sa US ay tinatamnan ng mais. Umaani ito ng mga 9 - 10 bilyong bushel kada taon na nagkakahalaga ng mga $20 bilyon. Ini-export ang mga 20% ng ani. Noong 2001, galing sa Estados Unidos ang mga 65% (2/3) ng kabuuang kalakal sa mais. Ayon sa pag-aaral nina Ray, Ugarte at Tiller (2003), *Rethinking US Agricultural Policy: Changing Course to Secure Farmer*



*lihoods Worldwide*, ang 10% na pagtaas ng presyo ng mais sa US ay magbubunga ng 3.6% na pagtaas ng presyo ng mais sa Pilipinas at sa Argentina naman (ang pangunahing kompetisyon ng US sa pandaigdigang kalakal sa mais), ang 1% na pagtaas ng presyo ng mais sa US ay magbubunga ng 1% rin na pagbabago sa presyo sa Argentina.

***Patuloy na Pambibira ng US at EU para Buwagin ang G-20 at G-70***

Pagkatapos ng pagbagsak ng negosasyon sa Cancun, pormal na ipinagpatuloy ito sa Geneva. Mayroon ding mga pagpupulong para i-pressure o giitin ang mga umuunlad na bansa. Halimbawa, tinawag ng US ang mga ambassador na nakabase sa Washington para ireklamo ang umano'y di-makatwirang posisyon ng mga katapat nila sa Geneva. Sinulatan rin ng pinuno ng International Monetary Fund (IMF) at World Bank ang mga pinuno ng mga umuunlad na bansa para muling simulan ang negosasyon. Siyempre, may implikasyon na kapag di sumunod ay maari nilang bawiin o di kaya'y di ibibigay ang inuutang na pondo. Sa kaso ng Pilipinas, sinabihan rin ni Presidente George Bush ng US si Presidente Gloria Macapagal-Arroyo na suportahan ang position ng US sa WTO noong bumisita siya sa Pilipinas noong Oktubre 2003.

Pinulong rin ng WTO Director General Supachai Panitchpakdi ang ilang minister sa Africa noong ika-13 at 14 ng Nobyembre na magbigay ng kaunting pagluluwag (flexibility) sa kanilang posisyon para daw umusad ang negosyasyon. Ngunit wala namang kaakibat na pagluluwag sa posisyon ng US at EU.

Patuloy naman ang pambibira ng US para buwagin ang G-20. Dahil dito, anim na bansa ang kumalas sa koalisyon – ang El Salvador, Guatemala, Peru, Ecuador, Columbia at Costa Rica. Binantaan sila ng US na kapag di sila kumalas, maaaring malagay sa peligro ang kanilang kasunduang pangkalakal (free trading arrangements).

Sa Geneva, malabis namang itinutulak ng ambassador ng Uruguay na si Perez del Castillo, ang mga umuunlad na bansa upang tanggapin ang "Derbez text" (ipinangalan sa Mexicanong minister na nag-preside sa Cancun) bilang tuntungan sa pagpapatuloy ng negosasyon sa Geneva. Hindi katanggap-tanggap ang Derbez text sa mga umuunlad na bansa dahil halos pareho ito sa isinumiteng posisyon ng US at EU (August 13, 2003) sa WTO na pabor lamang sa kanilang (US at EU) interes. Nananawagan ito ng malaking pagbubukas ng mga merkado o pamilihan ng mga umuunlad na bansa pero walang kaakibat na pagbubukas sa mga mauunlad ng bansa. Hindi rin nito binigyang halaga ang mga isyu ng mga

umuunlad na bansa tulad ng malaking pagbabawas sa mga domestikong subsidyo sa mga mauunlad ng bansa tulad ng US, EU, Canada at Japan. Ang US at EU ay naghapag ng tinatawag nilang "*blended formula*"; bibigyan dito ng konsiderasyon ang EU na magpatong ng mataas na taripa (high tariffs) para sa kanilang mga sensitibong produkto katulad ng karne, butil at dairy. Kapalit nito, papayagan din ang US na panatilihin ang kanilang mataas na subsidyo sa ilalim ng 2002 Farm Act (Farm Security and Rural Investment Act of 2002). Sa kabilang banda, pinupwersa nila na ang mga umuunlad na bansa na babaan ng malaki ang kanilang taripa.

Ayon sa pagsusuri na ginawa ng UNCTAD noong ika-4 ng Disyembre 2003, ang *blended formula* ay hindi tutugon sa mga layunin ng WTO (simplicity, transparency, effectiveness, efficiency, equity/fair).

Sa kaso ng mga umuunlad na bansa tulad ng Pilipinas, kapag ang *blended formula* ang umiral, kaunting *tariff lines* lamang ang puwedeng ideklara bilang *strategic products* at hindi maisasama ang lahat ng mga sensitibo at stratehikong produkto. Babawasan ng taripa ang ibang produkto saang-ayon sa *UR formula*. Maaaring mas mabilis ang pagbabawas ng taripa ng mga *tariff lines* na nasa 20-40% *Swiss formula* at yaong mga *tariff lines* na halos *zero* hanggang 10% ang taripa ay maipapailalim sa *zero tariffs*.

Sa kasalukuyan, malaking hamon sa mga umuunlad na bansa (G-20) na magsagawa ng isang alternatibong panukala (negotiating proposal) na komprehensibo. Ayon sa ilang pagsusuri, mahina daw ang kanilang posisyong agrikultural. Malakas at nagkakaisa ang G-20 hinggil sa kanilang panawagan na alisin na ang mga subsidyo sa pag-eksport. Mahina ang kanilang posisyon hinggil sa suportang domestiko/pambansa. Sa halip na manawagan ng pagpapataw ng hangganan (cap/ceiling) sa pagkalahatang suportang domestiko/pambansa, hiniling lamang nila ang pag-review ng Green Box (mga subsidyo na pinapayagan ng WTO at walang pagbabawas tulad ng direktang suporta para sa mga magsasaka ng US at EU). Sa nakaraan, ang ginagawa ng US at EU ay inililipat lamang nila sa Green Box ang mga subsidyo na dapat bawasan. Suma-total, mas lumaki ang subsidyo sa ilalim ng Green Box sa ngayon kumpara noong 1995. Sa usaping pagbubukas ng merkado (market access), ipinaglalaban naman ng India at Brazil ang paggamit ng Uruguay Round (UR) *formula* sa pagbabawas ng taripa. Dapat maging matatag ang mga miyembro ng G-20 sa kabila ng patuloy na pamimilit ng US at EU na bumitaw na sa G-20 at suportahan ang kanilang posisyon.

***Dapat Gawin***

Para sa mga negosyador ng Pilipinas, dapat silang maging matatag sa kabila ng mga pressure o panggigiit ng US. Kailangan din nilang itakda at tapusin ang listahan ng mga stratehikong produkto at tasahin ang ibubunga ng iba't ibang *formula* hinggil sa pagbubukas ng pamilihan o *market access*. May mga napipintong mga pag-uusap at handa sila dapat na dumalo at lumahok sa mga maiinit na negosasyon sa Geneva. Kaugnay nito, may pangangailangn ng isang mahusay na grupong pang-alalay.

Sa panig naman ng mga pangmasang organisasyon at NGOs, dapat silang maging mapagmatyag para siguraduhin na hindi na naman ibebenta ang interes ng Pilipinas at ng mga mahihirap sa hinaharap na negosasyon sa kalakalan.

| Chairpersons of WTO Bodies – 2004 | |
|---|---|
| **General Council** | Amb. Shotaro OSHIMA (Japan) |
| **Dispute Settlement Body** | Amb. Amina MOHAMED (Kenya) |
| **Trade Policy Review Body** | Amb. Puangrat ASAVAPISIT (Thailand) |
| **Council for Trade in Goods** | Amb. Alfredo CHIARADIA (Argentina) |
| **Council for Trade in Services** | Amb. Peter BRNO (Slovak Republic) |
| **Council for TRIPS** | Mr. Joshua LAW (Hong Kong, China) |
| **Committee on Trade & Environment** | Amb. Naela GABR (Egypt) |
| **Committee on Trade & Development** | Amb. Trevor CLARKE (Barbados) |
| **Com. on Balance of Payments Restrictions** | Amb. Biulio TONINI (Italy) |
| **Com. on Regional Trade Agreements** | Amb. Ronald SABORIO SOTO (Costa Rica) |
| **Com.on Budget, Finance & Administration** | Amb. Henrik Ree IVERSEN (Denmark) |
| **Working Group on Trade and Transfer Of Technology** | Amb. Jaynarain MEETOO (Mauritius) |
| **Working Group on Trade, Debt and Finance** | Amb. Peter BALAS (Hungary) |

| Chairpersons of Bodies established under the Trade Negotiations Committee – 2004 (To serve until the 6th Session of the Ministerial Conference – date to be determined) | |
|---|---|
| **Negotiating Group on Market Access** | Amb. Stefan JOHANNESSON (Iceland) |
| **Negotiating Group on Rules** | Amb. Eduardo PEREZ MOTTA (Mexico) |
| **Special Session of the Council for Trade in Services** | Amb. Alejandro JARA (Chile) |
| **Special Session of the Council for TRIPS** | Amb. Manzoor AHMAD (Pakistan) |
| **Special Session of the Dispute Settlement Body** | Amb. David SPENCER (Australia) |
| **Special Session of the Committee on Agriculture** | Amb. Tim GROSER (New Zealand) |
| **Special Session of the Committee on Trade & Environment** | Amb. Toufiq ALI (Bangladesh) |
| **Special Session of the Committee on Trade & Development** | Amb. Faizel ISMAIL (South Africa) |

----------o---------

## ANG KATOTOHANAN

Ang nagdaang eleksyon ay nababalot ng masalimuot na mga usaping panlipunan, kung kayat minarapat naming na magbigay ng ilang pag-analisa sa mga numero ng statistics. Hindi ito nangangahulugan na meron kaming pinapanigan sa mga pulitikong sumabak sa digmaan ng posisyon sa pamamahala, ito ay isa lamang pagtanaw sa katotohanan ng lipunan.

***Pagmasdan at Suriin.***




| PANGALAN NG PULITIKO | BILANG NG PILIPINONG MAY GUSTO | BILANG NG PILIPINONG IBA ANG IBONOTO |
|---|---|---|
| **PAGKA-PANGULO** | | |
| Gloria Macapagal-Arroyo | 12,905,808 | |
| Fernando Poe Jr. | | 11,782,232 |
| Panfilo Lacson | | 3,510,080 |
| Raul Roco | | 2,082,762 |
| Eddie Villanueva | | 1,988,218 |
| **KABUOANG BILANG** | **12,905,808** | **19,363,292** |
| | | |
| **PANGALAWANG PANGULO** | | |
| Noli De Castro | 15,100,431 | |
| Loren legarda | | 14,218,709 |
| Herminio Aquino | | 981,500 |
| Rodolfo Pajo | | 22,244 |
| **KABUOANG BILANG** | **15,100,431** | **15,222,453** |

## ANG MGA PANGAKO SA DARATING NA ANIM NA TAON SA KABILA NG KATOTOHANAN

**1.) ANIM hanggang sampung milyong trabaho.**



| | 2003 |
|---|---|
| **ESTABLISYEMENTONG NAGSARA AT NAGBAWAS NG MANGGAWA** | **1,671** |
| **APEKTADONG MANGGAWA** | **34,480** |

Source: Bureau of Labor and Employment Statistics (BLES)



| PALATANDAAN | 2003 | 2004 |
|---|---|---|
| **POPULASYON NG LAKAS PAGGAWA** | 33,678,000 | 35,421,000 |
| **MAY TRABAHO** | 30,119,000 | 31,522,000 |
| **WALANG TRABAHO** | 3,559,000 | 3,899,000 |
| **UNDEREMPLOYED** | 4,849,000 | 5,525,000 |

Source: Bureau of Labor and Employment (DOLE)

**2.) EDUKASYON para sa mga kabataan at paaralan na may kompyuter.**



| | 2001-2002 |
|---|---|
| **ELEMENTARYA** | |
| Barangay na Walang Paaralan | 1,617 |
| Mag-aaral na nagpatala | 12,826,218 |
| Librong naipamahagi | 12,672,685 |
| Bilang ng Guro | 331,448 |
| Ratio ng Guro at Mag-aaral | 1:36 |
| **SEKONDARYA** | |
| Munisipalidad na walang Paaralan | 6 |
| Mag-aaral na nagpatala | 5,813,879 |
| Bilang ng Guro | 112,210 |
| Ratio ng Guro at Mag-aaral | 1:39 |
| **KOLEHIYO** | |
| Mag-aaral na nagpatala | 2,466,056 |
| Bilang ng Guro | 98,943 |
| Nakapagtapos | 350,807 |

Source: Department of Education Culture and Sports (DECS) and Commission on Higher Education (CHED)

**3.) MAGKAROON ng balansyadong pondo sa 2009.**

| | 2002 | 2003 |
|---|---|---|
| Revenues (kita) | 567,141 | 626,630 |
| Expenditures (gastos) | 777,882 | 826,498 |
| **Deficit (kulang)** | **210,741** | **199,868** |

Source: Department of Finance (DOF) and Department of Budget and Management (DBM)

**4.) MABIGYAN ng tubig at elektrisidad ang bawat bahagi ng Pilipinas.**



| | KABUOAN | MERON | WALA |
|---|---|---|---|
| Bilang ng Barangay | 41,945 | 37,910 | **4,197** |
| Bilang ng Pamilya | 15,278,808 | 10,421,197 | **4,857,611** |
| Bilang ng Pamilya (Tubig) | 15,278,808 | 7,128,613 | **8,150,195** |

Source: Department of Energy
National Statistics Office

**5.) Mapag-ugnay ang Bansa sa pamamagitan ng transportasyon at teknolohiya.**

| | Total | Narrow gauge | Not in operation as of 2002 |
|---|---|---|---|
| Railways | 897km | 897 km – 1.067-m gauge | 405 km. |

| | Total | Paved | Unpaved as of |
|---|---|---|---|
| Highways | 201,994 km. | 42,419 km. | 159,575 km. |
| Airports | 253 | 82 | 171 |

| | Total | Phil. Merchant Marine | Foreign owned |
|---|---|---|---|
| Bilang ng sasakyang dagat | 385 | 271 | 114 |

Source: www.cia.gov.

### 6.) Pagtatalaga ng mga sentrong pang-gobyerno sa Luzon, Visayas at Mindanao.

| PARTICULARS | 2002 (Actual) | 2003 (Adjusted) | 2004 (Proposed) |
|---|---|---|---|
| **Departments and Agencies** | 388,237,310 | 359,030,155 | 374,855,782 |
| **Special Purpose Funds** | 353,785,046 | 452,431,845 | 489,907,797 |
| **TOTAL** | 742,022,356 | 811,462,000 | 864,763,579 |

Source: Department of Budget and Management

### 7.) Paunlarin ang Subic at Clark bilang isang service at logistic center ng South east Asia.

| | SUBIC | CLARK |
|---|---|---|
| **Bilang ng kompanya [pumirma ng kontrata]** | 181 | 96 |
| **Kasunduan para sa tatlong taon** | $1 billiom | $380 million |
| **Bilang ng kompanya [nakapag-umpisa na]** | 116 | 55 |
| **Bilang ng Pagawaan** | 31 | 16 |
| **Bilang ng trabaho** | 20,000 | 5,000 |
| **Exports** | $119 million (Jan-Nov) | $46 million |
| **Tagapamahagi ng elektrisidad** | | Miesicor (Pagmamayari ng Lopez) |

Source: Far Eastern Economic Review 14/12 (February 1996)

### 8.) Paggamit ng computer at maka-bagong teknolohiya para sa proseso ng election.

| | Halaga ng kontratang napawalang bisa | Ipinahahanap na pera sa solicitor general | Halga ng satellite technology |
|---|---|---|---|
| **Computerized election 2004** | 1.3 B | 849.16 M | 300 M |

Source: Philippine Daily Inquirer

## 9.) Ipagpatuloy ang usapang pang-kapayapaan sa mga rebeldeng Muslim at komunista.

| | AFP | NPA | MILF |
|---|---|---|---|
| **Budget** | $995,000,000 | $ 40,000,00 est PTC collection | N/A |
| **Personnel** | 106,000 | 11,000 | 15,000 |
| **Weapon holdings** | 794,000 (2001) | 9,300 (2001) | N/A |
| **Casualties** | N/A | 185 | 122 |

Source: Department of Budget and Management (DBM)
http://www.afp.mil.ph
http://www.nationmaster.com
http://www.atimes.com
http://www.manilatimes.net

## 10.) Wakasan ang mga isyung nalikha ng people power 1986 at 2001.

| | EDSA I | EDSA II |
|---|---|---|
| **Itinagal na araw** | 5 | 4 |
| **Simbulo** | Kulay dilaw (democracy) | Kulay itim (justice) |
| **Dahilan** | Pulitkal | Legalidad |
| **Ayon sa Batas** | Extra-constitutional | Intra-constitutional |
| **Pangyayari** | Revolution | Judicial coup d'etat |

**Paalala:** Ang mga isyung nalikha ng EDSA I at EDSA II ay maaring wakasan, subalit magsilbi sana itong halimbawa at babala sa pamunuan ng ating gobyerno.

## GAWAD - KAGITINGAN
## JUNE 12 2004
## Bantayog ng mga Bayani

**Bishop Julio X. Labayen**










Plaque of award is an artwork done by Edgar T. Fernandez

## Well-wishers of Bishop Labayen







